HINDI NASASAYANG ANG IYONG SAKIT:

ANG GANTIMPALA NG PAGTITIIS SA ISLAM

Pag-aaruga Para sa mga Pilipino



Kapag tumatagal ang paghihirap, isa sa pinakamahirap na tanong ay maaaring: ***"May kahulugan ba ang lahat ng sakit na ito?"***

Itinuturo ng Islam na ang paghihirap ng isang mananampalataya ay hindi binabalewala ng Allah. Ang karamdamang iyong tinitiis, ang pagkawala na nagpabago sa iyong buhay, ang takot na tahimik mong dinadala, at ang mahirirap na araw na patuloy mong hinaharap kahit ubos na ang iyong lakas—wala sa mga ito ang lingid sa Allah.

Ang pagtitiis sa Islam ay hindi lamang kakayahang makalampas sa isang mahirap na karanasan. Kapag ang paghihirap ay hinarap nang may pananampalataya, ang pagtitiis ay maaaring maging isang gawaing pagsamba at pinagmumulan ng gantimpala.

Sinabi ng Allah, na ang kahulugan ay:

"Tunay na ang mga matisin ay bibigyan ng kanilang gantimpala nang walang pagtutuos."

Qur'an 39:10

Hindi sinusukat ng mananampalataya ang isang pagsubok batay lamang sa nawala sa kanya sa mundong ito. Itinuturo ng Islam na ang mga sakuna ay maaaring maging paraan upang mapawi ang mga kasalanan. Itinuro ng Propeta (Sumakanya nawa anh kapayapaan) na kahit ang tusok ng isang tinik ay maaaring maging dahilan upang pawin ng Allah ang mga kasalanan.



Maaari ring itaas ng pagsubok ang antas ng mananampalataya at patibayin ang ugnayan ng puso sa Allah. Maaaring ang nakikita mo lamang ay kung ano ang kinuha nito, ngunit may iba pang hindi mo pa nakikita: mga kasalanang pinatawad, gantimpalang tinatala, pananampalatayang lumalakas, at pusong natututong higit na umasa sa Allah.



Hindi ito nangangahulugang dapat hangarin ng Muslim ang paghihirap. Humihingi tayo sa Allah ng kaligtasan at kagalingan, naghahanap ng paggorant kapag may sakit, sinisikap alisin ang pinsala, at nilulutas ang mga problemang maaaring lutasin.

Kung dumating pa rin ang paghihirap sa.bbila ng ating pagsisikap, ang pagtitiis dito ay hindi kailanman walang kahulugan. Sinabi rin ng Allah:

"At maging matiisin. Tunay na ang Allah ay kasama ng mga matiisin."

Qur'an 8:45



Maaaring hindi alam ng mga tao kung gaano karami ang iyong dinadala. Maaaring hindi nila makita ang mga gabing nahihirapan ka, ang mga panalanging paulit-ulit mong binibigkas, o ang pagsisikap na kailangan mo para lamang magpatuloy. Ngunit alam ng Allah.

Kung ang pagsubok ay tumagal nang higit sa iyong inaasahan, huwag mong hayaang kumbinsihin ka ng pagkaantala na nakalimutan na ang iyong pagtitiis. Patuloy na manalangin, gawin ang mga tamang hakbang, humingi sa Allah ng ginhawa, at kapag napagod ka, magpahinga at magsimulang muli.

Alam ng mananampalataya na hindi ang buhay na ito ang buong kuwento. May gantimpala sa Allah na maaaring hindi pa natin makita habang nangyayari ang pagsubok.

NAKIKITA ANG IYONG SAKIT.
ALAM ANG IYONG PAGTITIIS.
AT SA ALLAH, HINDI ITO NASASAYANG.